

Una sa lahat, ay nagpapasalamat tayo sa Panginoong Diyos sa magandang pagkakataon na ibiniyaya sa atin sa pagkasangkapan kay Kapatid na Danny Lyne... Para, hindi lang magkasama-sama tayo at magkita-kita, kundi para ipabatid ko sa inyo mga mahal na kapatid, na itong ating samahan ay ituring ninyo na opisyal na may basbas ng ating mahal na Tagapamahalang Pangkalahatan, ang Kapatid na Eduardo V. Manalo. Sa lahat ng aking kahilingan na may kaugnayan sa ating samahan ay kanilang pinagtitibay, ang totoo, ay hiniling ko na magpulong ang lahat ng mga Mandirigma sa Davao dahil may nakapagsabi sa akin doon lalo na yung mga naging Tagapangasiwa na talagang may plan....yung mga...alam niyo na kung sino, baka sumikat pa yung pangalan eh pag sinabi ko.

Ang sabi ng ating Namamahala nung nakaraan lang na Balikbayan ay "Tama. Puntahan mo."

"Sir isasama ko po ang mga Mandirigma na pupulungin." Hindi ko talaga ginagamit yung salitang MANDIRIGMA sa ating Tagapamahalang Pangkalahatan dahil dinadaan sa Social Media, pero this time, talagang sa kanila ay umaalingawngaw na yung salitang MANDIRIGMA. At pinapupunta nga ako dun, ewan ko lang kung gustong sumama ni Dex saka ni Marlon. Ang bilin sa akin ay "Huwag ka munang papaalam na ikaw ang pupunta baka saktan ka ng mga taong iyan." Eh sasabihin ko si Dex ang pupunta dun para siya saktan, saka si Marlon.

Mga kapatid, nabanggit ko na ito sa inyo noon, ito'y nabuo, walang bumuo. Umusbong kayo sa panahon ng digmaan. Hindi kayo ministro, hindi kayo manggagawa. Pero ang nagtulak at nag-akay sa inyo, ang matibay na pananalig at pagmamahal sa Iglesia at sa ating Pamamahala. Mula doon ay nagkakila-kilala kayo sa Social Media. Nung una nga ni hindi kayo magkakakilalang personal, pero niloob ng Diyos, parang Iglesia bumangon ng digmaan ay HINDI bumangon ng digmaan. Pero dahil sa ang Iglesia ay dapat na lahat ng bagay may karapatan o kaayusan, ay dapat nating isaayos ito. Hindi pwedeng mamalagi na kaniya-kaniya. Hindi pwedeng mamalagi na, kahit saan na lang. Kaya minarapat ng Pamamahala, mayroong magbibigay ng guide, magbibigay ng giya. Ang magbibigay ng giya, natural ang Pamamahala, sa iaatas ng mga Ministro na mangunguna sa atin. Lamang hindi ko binubura, yung pagkakabuo sa inyo na masaya kayo, maligaya kayo dun sa inyong mga group chat. May nag-advise sakin na Ministro na dapat daw ay medyo gawing pormal yung group chat nila. Ang sabi ko "Hindi. Kung papano ko sila dinatnan na ganiyan, ganiyan ko sila payayabungin." Lamang, meron ding parameters ika nga, meron ding kaayusan, at naibigay ko na sa ating Adhoc Committee, ito ang mga dapat bantayan: Una, walang labag sa doktrina. Walang labag sa batas. Walang labag sa kabutihang asal. At walang labag sa tuntunin na itinakda ng ating Pamamahala. Pagka walang nalalabag sa apat na yan, GO. Nandun yung batian ninyo, nandun yung inyong Jokes, nandun yung inyong tawanan. Tuloy yun, pwede yun. Kaya sa bawat group chat, ay meron tayong ilalagay na pinaka-Spiritual Adviser. Ang Spiritual Adviser, Ministro. Kung sinong ilalagay ng Tagapangasiwa. Not necessarily na MayTungkulin sa Distrito pero karaniwan Ministro. Dahil sa Australia diba Kapatid na Jan halos lahat ng Ministro kasama don. At by the way, ibalita ko nga pala sa inyo, bago ako pumunta doon, ay binuo na natin yun eh. Nung nandun na ako, biglang may dumating sa aking message, na itatag ang Mandirigma sa Australia, galing sa taas. Una tuwang-tuwa ako dahil sa magiging talagang opisyal na. At ikalawa, nang sabihin, mayroon na siyang "Skeletal Force", meron nang sa pangunguna nga ng Kapatid na Jan, binilinan ko kasi siya eh. At nung nalaman ng mga Ministro, pinaliwanag ko sa kanila yun eh kung ano yon. Nung una di nila alam, lahat yon, "Teka may approval ba yan? Na ganito ganon?" ang bigat eh! Diba Kapatid na Dex? Ganun problema nila eh. Kaya, ang mga Tagapangasiwa ngayon ang kausap ko. At ang totoo kapatid nagbigay muli ako ng message sa kanila, lahat ng 01 i-submit sa akin ang lahat ng gagawin nilang connected sa bawat group chat at gagawin nilang Spiritual Adviser. Kaninang hapon lang, nung ako'y nasa opisina, nagdadatanganan na yung mga sulat nila. Yung iba pala naligaw, napunta sa ibang direksyon. Naligaw. Napunta sa ibang department. Kaya inulit ko, dalhin sa opisina ko sa CFO. Kaya kanina, dumarating na yung mga sulat at ibibigay ko sa inyo, isasaayos.

Katulad din ng ating binabaka at kinakalaban, ano ba ang binabaka natin at kinakalaban? Lahat ng mga humiwalay sa Iglesia, lahat ng humiwalay sa Pamamahala, binabaka natin. Sapagkat hindi lamang sila humiwalay, naninira pa sa Iglesia. Pero saan nagsimula iyan? Ako'y naniniwala nagsimula yan, konting iringan, konting hindi pagkakaunawaan. Ang diablo, gaya ng napapakinggan nating turo ng ating Pamamahala, parang leong umuungal yan. Hahanapin kung saan pwedeng pumasok. Konting hindi pagkakaunawaan, papasukin yan. Kaya pag medyo mataas ang pride mo at hindi mo kayang lunukin, baka parang Fried Chicken. Sabi ng Ka Erdy nung nabubuhay pa, yang pride, sa laman. Vain. Yan ang unang papasukin ng diablo. Kaya tignan niyo ang sabi ni Cristo, "Kung gusto mong makasunod sa Akin, itanggi mo ang iyong sarili, pasanin ang iyong krus, at saka ka sumunod." Ang unang sinabi, "itanggi mo ang iyong sarili", samakatuwid ang unang kalaban ng tao, sarili niya. Yung pride niya, yung gusto niya, yung akala niyang tama, papasukin yan. Mga kapatid, ang lakas natin, dahil nagkakaisa tayo. Kaya ibinigay ng Diyos ang pagkakataong ito, para sabihin ko sa inyo, magkaisa tayo. Hindi pwede yung kaniya-kaniya. Meron tayong mga kani-kaniyang blog, may kani-kaniyang group chat, namamalagi yon. Pero, dapat nagkakaisa tayo, sa layunin, sa damdamin, at sa diwa. Huwag

tayong pumayag magkaroon ng puwang ang diablo para sirain ang pagkakaisang yan. Kaya bilang itinalaga ng Pamamahala na mangasiwa sa inyo, hinihiling ko, anumang hindi pagkakaunawaan sa sinumang narito, pwede ba mga kapatid, burahin na ninyo. Haplusin na ninyo yung puso ninyo. Walang mawawala sa inyo pagka kayo ay nagpatawad, pagka kayo ay nagbigay ng pagkakataon sa dati naman ninyong kasama, dati naman ninyong kasangga. Walang natalo pagka kayo'y nagpaubaya, alang-alang sa pag-iibigang magkakapatid. Walang natalo don. Panalo ka sa Diyos, pag sinabi mong "Ama, okay lang po kahit ako naapi. Okay lang po, kahit ako yung nasaktan. Alang-alang sa kapatiran, alang-alang sa ating samahan, alang-alang sa Pamamahala, lahat yon, pinapatawad ko na." Mga kapatid, hindi ako kumikibo, pero alam ko kung sino-sino yon. Huwag kayong mag-akala na nandun lang ako at sisilip-silip sa mga group chat ninyo. Dahil lahat yan nakikita ko, nararamdaman ko. Kaya sa araw na ito, inaasahan ko mga kapatid, sinuman ang mayroong hindi pagkakaunawaan, nakatunghay ang Diyos. Alam Niya kung tayo ay susunod sa doktrina. Ang ipinagagawa ko hindi gusto ko, gusto ng Diyos. Doktrina yan eh, pag-iibigang magkakapatid. Doktrina yun eh, diba? Inaasahan ko yon ha? Mga kapatid, sagot.

Mandis: "Opo!"

Burahin na natin yon. At kung sakali, talagang nagkasala, diba? Ay eh di, lagi namang merong second chance eh. Naalala niyo yung babae na nahuli sa pakikiapid noon sa panahon ni Cristo? Ang ibinigay na kaparusahan dun ay "Capital Punishment", babatuhin hanggang sa mamatay. Ang sabi ni Cristo "Yung walang kasalanan ang unang dumampot ng bato at batuhin siya." Wala. Unti-unti nag-alisan. Kasi lahat nagkasala. Pero it doesn't mean na si Cristo, kinonsinte, sapagkat ang sabi Niya "Babae, hinatulan ka ba nila?".. "Hindi po Panginoon".. "Ako man, hindi kita hahatulan, pero umahon ka na magbagong-buhay." Sa Iglesia, may dalawang uri ng paglilinis. Yung pagtitiwalag paglilinis yun eh, kina-cut off yung salá. Pero may isang paglilinis, Paglilinis na mapagbago natin. Sapagkat kung papaano, na yung hindi pa Iglesia Ni Cristo ay sinisikap nating maging kaanib sa Iglesia, eh di lalo na yung Kapatid na, diba? Kaya, mula ngayon mga kapatid, iisa tayo dito. Iglesia Ni Cristo, Mandirigma pa. Spiritual na Mandirigma. Burahin niyo na yong hindi pagkakaunawaan, magpatawaran na. Maaasahan ko ba yon mga kapatid?

Mandis: "Opo!"

Sasamantalahan ko na rin mga kapatid, dahil sa may agendang ginawa. Dahil nandito rin yung mga kinauukulan. Eto yun mga kapatid.

Lalo na dun sa mga kalalakihan. AJ, Marco, ang isang imomonitor ng Spiritual Adviser sa bawat GC, ay iwasan ng mga karaniwang kapatid na hindi Ministro, na tumalakay sa doktrina. Yan ay galing naman, nagkausap kami ng Ka Bien. Ang Ka Bien kasi ang ating General Evangelist. When it comes to propagation, at saka yung mga doktrina, pagpapalaganap, yan man ay Print Media, Social Media, o kaya ay Broadcast Media, nasasaklaw yan ng General Evangelist. Talagang tuntunin sa Iglesia, pagdating sa doktrina, ipaubaya natin sa mga Ministro. Pero hindi naman nangangahulugan na hindi mo ipagsasanggalang yung doktrina natin. Pero more on mga puntos-puntos lang. Pero parang nagtetesta na, merong "nakalagay sa ganitong talata", ipinagbabawal talaga satin yun. Sa panahon pa ng Ka Erdy eh, ayaw niya yon. Kaya iwasan natin yon. Sapagkat hindi lang satin, inuuna ko na kayo, iniisa-isa ko sa inyo yung trabaho ko mga kapatid. Walang tulugan eh. Para na akong German Moreno eh. Yun mga kapatid, tini-trace ko yan isa-isa, ayoko lang magbanggit sa GC dahil mapapahiya. Pupuntahan ko yon, ipa-private message ko, "Kapatid, iwasan mo yon dahil mali na yon." So, at hindi lang yon, yung iba ha hindi tumatalakay sa doktrina, mali naman. Oh halimbawa meron pang nag-Like eh, Ministro pa nga eh. Lumitaw ang nagtatag ng Iglesia si Kapatid na Felix Manalo, diba? Oh.. Eh samantalang ang nagtatag ng Iglesia, si Cristo. Lahat yun mga kapatid tini-trace ko, para lang pagsabihan ng personal, para hindi naman mapahiya. At saka yung nag-aaway away na mga magkakapatid. Isa isa yon pinupuntahan ko kaya minsan nakikita niyo biglang bumabait, nakausap ko na yon. Ibig sabihin talagang tinatrabaho ko yon, pati sa mga Ministro, iniisa-isa ko kayo. At actually ayan oh si Kapatid na nandito, nung nakita yung kasama ko may grupo na binigay din ng Pamamahala, na yun ang, may mga taga-santabi, "ikaw kay Sher Lock, ikaw kay ganito, ikaw kay ganon!" Bago i-post yon, ang bilin, dapat dumaan sakín. Iniisa-isa ko yon na itutuwid. Ang katulong ko si Joel, at saka si Franklin, eh kahit pa na-check pa nila ipapasa din sakín. Isipin niyo iniisa-isa ko eh iba pa yung trabaho ko sa Iglesia. Ito social media pa lang. Nakita niyo mga kapatid, kaya yung mga FA eh, akala hindi ako ito eh. "Hindi si Ka Arnel yan eh. Dahil hindi natutulog." Diba minsan may nakikita kayong ganon? "Nakapagpopost siya kahit na ganito." Hindi nila alam nasa abroad ako non kaya gabi sa kanila, araw naman don. Pero ibig sabihin mga kapatid iniisa-isa ko yan. Dahil sa kung hindi, ibubuwelta ng kalaban yan eh. Halimbawa, may mali kang ipinost. Kung papaanong iniiscreenshot natin yan at sasabihin natin "Ah, Ang katangahan nitong si Salem, ganito ganito...", ganun din yung gagawin satin. Pagka ganun kayo, Ministro na pero salungat sa Biblia. So ibig sabihin, mali nga tayo. When it comes to doctrine, talagang ano tayo diyan, disiplinaryo tayo diyan, sa doktrina. Sa ibang bagay pwede pa eh. Pwedeng lusutan eh. Pero pagdating sa doktrina, konserbatibo tayo diyan. Kung ano lang ang nakasulat sa Biblia, at kung ano lang ang itinuro ng Sugo at ng ating Pamamahala. So, sa kani-kaniyang group chat, at kani-kaniyang blog, kani-kaniyang page, sabihan

na ninyo mga kapatid ko, yung mga kasamahan natin na mag-ingat sa ganon. Pwedeng sumundot, pero wag kayong parang nagtetexto kayo, na "ayon sa talata, ganito, ganiyan....." kung hindi ka naman po Ministro. Sa pagbuo natin ng group chat sa bawat distrito, napakarami na ano kapatid, nasa abroad na tayo. Sana nakikita ninyo. Kukunsultahin din natin ang mga Tagapangasiwa, dapat may say ang Tagapangasiwa kasi kumbaga, sila mananagot diyan eh. Hindi pwedeng lagpasan natin sila. Pero pwede nating ioffer ang ating tulong na "may ganito po, kung papayagan ninyo eto, maglagay nalang po kayo kung sino ang ilalagay niyong Spiritual Adviser." Ka Marlon, Ka Dex.

Eto, malulunasan na yung tungkol sa Logo natin. Official Logo natin. Tinanong ko ang Ka Bien, "Ka Bien meron daw kayong inaprubahan na official logo?" Kahapon lang din. Sabi niya, "Actually Ka Arnel, WALA." Dahil, dinala ni Marco.....dinala mo diba noh? Ang tanong ni Ka Bien sa play ni Ka Marco noon, bagamat, dahil naman sa pagnanasa ni Kapatid na Marco ma magkaroon ng logo tayo, dinala niya yun. Ang unang tanong daw sa kaniya, "Ba't ikaw ang nagdala nito? Ikaw ba ang nagrepresent ng mga Mandirigma?" Yun ang sabi sakini ni Ka Bien eh. Natural sasabihin ni Ka Marc "hindi po", kaya, medyo nabinbin don sa kaniya, nakita ko eh, pinakita pinamukhaan nila yon eh. Nakarating sa taas ito, sinulat sa taas eh, pero ibinaba kay Ka Bien. Kasi anything na pictures, anything na logo, bumababa yan kay Ka Bien. Siya ang ating General Evangelist. At kahit noon, anumang litrato na lalabas ay dadaan sa kaniya. Kaya lumilitaw, hindi pa yan mga kapatid, ang ating official logo. "Dahil doon Ka Bien....." sabi ko "...pwede po ba, igawa niyo kami ng official logo ng Mandirigma?" Kasi, eto ang tanong niya muna, "Una Ka Arnel, bakit Agila? WALA AKONG ALAM na ang agila simbolo ng Mandirigma."... "Dahil dun sa issue natin na ang Sugo, itinulad sa Ibong Mandaragit."... "Iba yon! Kesa dun sa Mandirigma." Nakita niyo? Kasi isa yan sa forte ng Kapatid na Bien, yung mga meaning ng mga logo. Kaya sabi ko, "Ka Bien, eh nandiyan na rin lang, pwede po bang, igawa niyo kami, ng official logo." Nangako siya, igagawa tayo. So magkakaroon tayo mga kapatid, galing sa Central. Yung naging problema natin noon, na bigla, may mga lumitaw na nagbebenta. Bawal talaga yon. At ikalawa, parang hindi paggalang satin yun. Dahil pagka nagsuot niyan hindi naman Mandirigma, hindi maganda. Dapat maingatan natin yan. Kaya kausap ko na ang UNLAD. Pagka nabuo na ni Ka Bien ang logo, nakausap ko na si Kapatid na Abel, yung Ministrong isang nangangasiwa, Abel Roman. Nakaugnay na. "Ka Arnel, ibigay niyo lang sakini. Ano ho ba? May kwelyo ba? O walang kwelyo?" Pareho kako, kung merong gustong may kwelyo. "Ano hong uri ng tela?"... "Bahala ka na rin, kung anong maganda." Basta't sa kanila manggagaling. At ang mangangailangan na distrito, kasi diba ang Northern California diba nagpalitrato sila noon? Kasi akala natin official logo eh. Southern California, kay Ka Jojo Jamias. Nagpalitrato sila non. luugnay muna sa atin, may approval muna, na magmumula sa opisina ko, yung talagang bibigyan niyo ng t-shirt. So, maiingatan natin yan, at ang madadagdag na Mandirigma sa bawat distrito ay mache-check pa ng Tagapangasiwa. Kaya ang ginagawa muna natin ngayon, yung GC binubuo natin, dahil yung pagdaragdag ng magiging miyembro don ay padaanin natin sa Tagapangasiwa, para malaman kung talagang Kapatid, mananampalataya, anong background, anong layunin. Maiingatan yung ating group chat sa bawat distrito sa buong daigdig. At yun nga, dun na kayo kukuha sa UNLAD.

Eto pa.. Bilinan na rin natin yung ating mga kasamahan sa kani-kanilang page, sa kani-kanilang blog, at mga GC, na kung may mga puna sa kasamahan natin, wag dun, sa GC. Wag kayong nag-aaway dun mga kapatid kong banal. Nakikita kayo ng buong daigdig. Nakikita kayo pati ng ating kaaway. Well, syempre pagka ang isa nasaktan, tatagal yan may nakakakitang iba, maggagrandstanding yan. Diba? Kaya wag kayong magsagutan don, lalo na kung medyo mabibigat na. Meron namang private message. Yun nalang ang gamitin niyo mga kapatid, ha? Gawin nating masaya yan, maingay, masaya, batian, imbitasyon, pagbati, at kung ano-ano pa. At higit sa lahat paglaban, sa mga kaaway natin, pero never na gawin nating dako ng sagutan natin. Maliwanag ba yon mga kapatid?

Mandis: "Opo!"

At pakisabihan niyo na yung mga kasamahan niyo sa inyong mga page, ha mga kapatid.

Kung sakali, may problema, na inaakala niyong hindi niyo malunasan, pwede niyong i-refer sa akin. Lalo na dun sa....uunahin muna sa Adhoc Committee siguro. Dahil baka dun maburido na naman yung trabaho, pagka puro sabit na yan mga kapatid, lapit muna sa Adhoc Committee, actually tatawag ako ng pangkalahatang pulong pagka nagkataon para sabihin na yan. i-announce na natin yan, yung Adhoc Committee na yan.

Yun lang ang masasabi ko mga kapatid at maraming salamat sa inyo. Maraming salamat sa Panginoong Diyos, at ibinigay sa atin ang pagkakataong ito, at lagi sinasabi ko, at patuloy kong sasabihin, mahal kayo ng ating Tagapamahalang Pangkalahatan. Nababanggit kayo kahit sa kanilang texto, kahit sa kanilang mga pag-uusap, nababanggit kayo. Hindi man kayo kilalang personal bagamat yung iba sa inyo talagang kilala na ng personal. Pero kapag na kayo ay kasama dito, mahal kayo ng Pamamahala. Yung pagmamahal na yon, kasama din ng basbas ng Panginoong Diyos, sapagkat kung merong tao na napakahalaga dito sa mundo,

walang iba kundi ang ating Tagapamahalang Pangkalahatan. Si Cristo nasa langit eh. Diba tao din si Cristo. Pero yung nandito sa lupa, wala nang pinakamahalaga, kundi ang ating Tagapamahalang Pangkalahatan. Kaya pag mahal niya tayo, mahal tayo ng Diyos, at mahal tayo ng ating Panginoong JesuCristo. Mamalagi lang tayong nagkakaisa, sapagkat nasa pagkakaisa ang basbas ng Panginoong Diyos.

Mga kapatid binabati ko kayo, dahil nakasama kayo sa grupong ito. Wala akong alam, kahit sa panahon ni Cristo at ng mga Apostol, at kahit sa panahon ng Kapatid na Felix Manalo, na may nabuong Mandirigma. Dito lang, sa mga huling araw na ito nagkaroon ng mga Mandirigma. Hindi man Mandirigma sa dugo at laman, pero sa espiritu. Wag niyong aalisin, yung pagmamahal niyo sa Iglesia. Wag niyong papawiin ang pagmamahal niyo sa Pamamahala. Wag niyong aalisin ang pagmamahal niyo, sa inyong kahalalan. Yan na lang ang kayamanan natin. Yan ang babaunin natin sa libingan, higit sa lahat, isasalubong natin sa ating Panginoong JesuCristo. At maraming salamat din sa pagmamahal niyo sa amin, hindi lang sa ating Tagapamahalang Pangkalahatan, sa pagmamahal niyo sa mga Ministro at mga Manggagawa. Gantimpalaan nawa kayo ng Diyos. Hiling naming mga Ministro, kung kami man ang mangailangan, kaming mga Ministro ang unang magsasabi "Ama, itong mga anak mong nagmahal sa mga Ministro, huwag mo ring kalilimutan. Huwag mong pababayaang sa buhay na ito. Higit sa lahat sa buhay na darating.

Manalangin tayo.....